# C A T H O L I C   K Y O T O   D I O C E S E

Catholic Chancery Office
Kawaramachi Sanjo Agaru
Nakagyo－ku, KYOTO,
604－8006 JAPAN
TEL: －81－75－211－3025
FAX: －81－75－211－3041

カトリック京都司教区
〒604－8006
京都市中京区河原町三条上ル
ＴＥＬ：（０７５）２１１－３０２５
ＦＡＸ：（０７５）２１１－３０４１
e-mail:curia@kyoto.catholic.jp

Kyo. Prot. N. 44/2020

Abril 17, 2020

Sa mga Mananampalataya ng Diyosesis ng Kyoto

Most Rev. Paul Otsuka Yoshinao, D.D.
Obispo ng Kyoto

**Coronavirus (COVID-19): Panuntunan ng Pagkakansela ng mga Misa at iba pa (Part４)**

Matapos ang pahayag ng pagedeklara ng "State of Emergency" ng gobyerno ng Japan noong Abril 16, simula sa Ika 20 ng Abril (Lunes), nais kong ipahatid sa inyo ang mga sumusunod upang maiwasan ang pag laganap sa COVID-19;

***1. Dispensasyon ng mga mananampalataya sa obligasyon sa Pagsimba sa mga araw ng Linggo***

*Simula sa ika 20 ng Abril (Lunes)*, ang lahat ng mga mananampalataya sa Diyosesis ng Kyoto ay pansamantalang binibigyan ng dispensasyon sa tungkuling mag Simba sa mga araw ng Linggo.

***2. Pagpapalawak ng pag suspinde ng mga Misa***

*Simula sa ika 20 ng Abril (Lunes) ipag papatuloy ang pansamantalang pag kakansela ng mga Misa* (Para Liturgy o kilala din sa tawag na Liturgy of the Word with Communion), katekismo, at iba pang pag titipon na may kinalaman sa aktibidad ng simbahan na kalalahukan ng maraming tao. Ang live streaming ng Archdiocese ng Tokyo sa pagdiriwang ng Banal na Misa ay mapapanood dito. https://tokyo.catholic.jp/

***3. Kasal at Misa sa Paglilibing***

Matapos kumonsulta sa pari ng simbahan at sa tamang kinauukulan, maaaring mag daos ng "rito" sa pag lilibing *kung ito ay dadaluhan ng nasa 20 katao lamang*. Kinakailangan din sundin ang mga panuntunan na ito; *1. Tamang bentilasyon, 2. Ang pag papatupad ng 2 metro na pagitan ng mga lalahok, 3. Ang pag iwas sa pagkanta at pakikipag usap ng malapitan at ang seremonya ay gagawin sa labas ng Misa (walang gaganapin na lamay sa patay).*
*Pansamantala, ang pagdiriwang ay hindi Misa kundi "Liturgy of the Word" lamang.*
*Ganun din ang panuntunan na gagawin sa kasal, ito ay dadaluhan ng hindi hihigit sa 20 tao lamang, bukas ang pamunuan ng sambahan sakaling mag balak ang ikakasal ng pag papaliban nito.*

***4. Pagbubukas ng Simbahan***

Ipina uunawa sa lahat na isa sa mga panuntunan ng Diyosesis ng Kyoto ay ang pansamantalang pag papanatiling sara ng mga simbahan. Sa kadahilanang kapag ito ay bukas hindi maiiwasan ang pag labas pasok ng maraming tao, dahil dito ang mga pultahan, lamesa ang mga upuan ng simbahan ay kinakailangang ma disimpekta ng makailang ulit sa isang araw. Iniiwasan natin ang malaking panganib na dulot ng virus.

***5. Panuntunan para sa Hinaharap***

1. Agad naming ipapabatid sa inyo ano mang desisyon at pag babago na magaganap, matapos

masuri at alisin ang “State of Emergency” ng gobyerno ng Japan.
2. Isa sa mga pamantayan upang maipag patuloy na ang programa ng simbahan ay kung wala ng napapatalang infected sa loob ng dalawang Linggo sa isang lugar (Probinsya man o Bayan).  Sa mga lugar na patuloy ang pag taas ng bilang ng mga biktima ng virus, ang mga Misa (Para Liturgy o kilala din sa tawag na Liturgy of the Word with Communion), katekismo, at iba pang pag titipon na may kinalaman sa aktibidad ng simbahan na kalalahukan ng maraming tao ay pang samantalang mananatiling kanselado.

Ang layunin ng Diyosesis ng Kyoto sa pag kakansela ng mga Misa at iba pa sa lahat ng simbahan ay upang “Ma Protektahan ang Buhay,” mapangalagaan ang buhay ng lahat, at upang maiwasan ang walang kamalayang pag dadala ng sakit na mag dudulot ng panganib sa iba.  Ipadama ang pag mamahal sa kapwa tao sa pamamagitan ng pag aalay ng panalangin para sa bawat isa.
Sa ating pag gunita Pasko ng Pagkabuhay, bilang mananampalataya, patuloy tayong manalig sa muling nabuhay na si Hesus.  Sa ano mang sitwasyon, ipagkatiwala natin ito sa ating Panginoong Hesus, na muling nabuhay at palaging kasama natin sa pag lalakbay.  Sama sama tayo na manalangin na ang sakit na ito ay humupa na at nang mag karoon tayo ng kapanatagan sa araw araw.

以上。